




**Mga Paraan para sa
Pagtatag ng Kilusan
Tungkol sa
Pagbabago ng Klima**

MGA NILALAMAN

Kailangang Wakasan Natin ang Pang-aapi Habang

Nagtatrabaho tayong Itigil ang Pagbabago ng Klima—1

Ang naisasagawa ng pang-aapi—2

Ang kahalagahan ng paglunas ng pinsalang personal—2

Kung Papaano Nating Matutulungan ang Mga Sarili Natin

upang Ituloy ang Pagiging Mga Aktibista at

Mga Tagapagtatag ng Kilusan—3

Pakikinigang Magkapwa (Re-evaluation Counseling)—6

Mga Paraan ng Pakikinigang Magkapwa (Re-evaluation Counseling)—7

Mga Balitang Bago at Mabuti—8

Mga Pagpapahalaga—8

Hanay ng mga Magsasalita—9

Mga Sesyon—9

Isipin-at-pakinggan—10

Gabay na Grupo—10

Talakayan—11

Mga Panig—11

Ang Layunin para sa Pag-aalaga sa Kapaligiran—13

*Isinalin sa Filipino ni: Ana Liza (AL) Caballes, Gerry Fabella,
Leo Lazo, Cecilia Lim, Ramon Taroy, at Tara Villalba*

Mga guhit ni Ana Liza (AL) Caballes

*Copyright © 2019 ng Rational Island Publishers. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Walang bahagi ng polyetong ito ang maaaring gamitin o kopyahin sa anumang
paraan kung walang nakasulat na pahintulot maliban sa kaso ng mga maikling
sipi na nakapaloob sa mga kritikal na artikulo o mga pagsusuri.*

ISBN: 978-1-58429-232-6

\$2.00 (U.S.)

Kailangang Wakasan Natin ang Pang-aapi Habang Nagtatrabaho tayong Itigil ang Pagbabago ng Klima

May posibilidad na limitahan ang epekto ng gawain ng mga tao sa pagbabago ng klima at ibalik ang maaliwalas na kapaligiran—at ilang malaking pagbabago ang kinakailangan kung ito ay mangyayari. Ang Tulungang Mabuhay Ang Lahat (Sustaining All Life) at ang Nagkakaisa Upang Wakasan ang Kapootang Panlahi (United to End Racism)* ay naniniwalang ang krisis sa kapaligiran ay hindi maaring malutasan kung hindi wawakasan ang kapootang panlahi, ang pagpatay ng lahi ng mga katutubo, ang pang-aapi batay sa uri, ang pang-aapi batay sa kasarian, at iba pang mga pang-aapi. Malubhang tinatamaan ng pagkasira ng kapaligiran at ng pagbabago ng klima ang mga grupong inaapi at ang mga mamamayang walang tibay (kasama ang mga matatanda, ang mga may kapansanan, at ang mga musmos). Upang maisasagawa ang kinakailangang pagbabago kakailanganin ang isang malawak at malakas na kilusan, na sumasaklaw sa buong mundo, sama-sama ang mga tao ng bawat uri at karanasan na linalabanan ang mga epekto ng dalawa—ang pagbabago ng klima at ang pang-aapi.

Ang Tulungang Mabuhay ang Lahat (Sustaining All Life) at ang Nagkakaisa Upang Wakasan ang Kapootang Panlahi (United to End Racism) ay naniniwalang ang mga naghahadlang sa paggawa ng isang sapat na malaki at malakas na kilusan ay (1) ang mga matagalang paghahati (ang karaniwang dahilan ay ang pang-aapi) sa pagitan ng mga bansa at sa pagitan ng mga grupo ng mga tao sa loob ng mga bansa, (2) laganap na mga damdamin ng kawalang pag-asa at kawalang kapangyarihan sa karamihan ng populasyon ng mga bansa, (3) pagtanggì o kakulangan ng pagpansin sa krisis ng kapaligiran, at (4) paghihirap sa epektibong pagtugon sa mga koneksyon sa pagitan ng krisis ng kapaligiran at ang mga kakulangan ng kapitalismo. Ang Tulungang Mabuhay ang Lahat (Sustaining All Life) at ang Nagkakaisa Upang Wakasan ang Kapootang Panlahi (United to End Racism) ay gumagawa ng mga paraan para lutasin ang mga isyung ito at ang mga iba pang problema.

Upang maisasagawa ang kinakailangang pagbabago kakailanganin ang isang malawak at malakas na kilusan, na sumasaklaw sa buong mundo, sama-sama ang mga tao ng bawat uri at karanasan na linalabanan ang mga epekto ng dalawa—ang pagbabago ng klima at ang pang-aapi.

* Ang Tulungang Mabuhay ang Lahat (**Sustaining All Life**) ay isang pandaigdig na samahan na nagtatrabaho upang itigil ang pagbabago ng klima sa loob ng konteksto ng pagtigitil sa paghahati-hati ng sangkatauhan.

Ang Nagkakaisa Upang Wakasan ang Kapootang Panlahi (**United to End Racism**) ay isang samahan ng mga taong anumang edad at pinagmulan, na nasa iba't ibang bansa, na nakatuon sa pag-alis sa buong mundo ng kapootang panlahi, at tumutulong sa pagsisikap ng iba pang mga grupong may parehong layunin.

Ang naisasagawa ng pang-aapi

Ang ating mga lipunan ay batay sa pagsasamantala at pang-aapi, at nangangailangan ng pagunlad at kita, may kaunti lamang na pagpapahalaga sa tao, sa ibang nilalang, o sa ating planeta. Lahat ay biktima ng pang-aapi (kagaya ng kapootang panlahi, pang-aapi batay sa pera o pribilehiyo, pang-aapi batay sa kasarian, at ang pang-aapi ng mga kabataan), at nagdudulot ito ng labis na kawalan ng katarungan, hinahanggahan ang pagkukunan ng kinakailangan, at nakakapinsala sa buhay ng bilyon-bilyong tao. Kapag naranasan natin ang pang-aapi, kumikilos tayong saktan din ang kapwa natin kagaya ng paraang nasaktan tayo. Karamihan ng pinsala sa ating mga damdamin ay dulot ng pagpasa natin ng sakit, kung kumikilos tayo sa parehong paraang nasaktan tayo. Kahit madaling matukso ang mga taong ipasa at saktan din ang iba kapareho ng paraang sila'y nasaktan, hindi ito likas sa kanilang pagkatao, at nagmumula lamang sa mga karanasang masasakit. Ginagamit ng mga mapang-aping lipunan itong kahinaan ng loob na nagmumula sa mga masasakit na karanasan upang magtatag at mapanatili ang pang-ekonomiyang pagsasamantala.

Ang kahalagahan ng paglunas ng pinsalang personal

Nakakahadlang sa malinaw na pag-iisip, at pinaglalaman ang mga grupo sa isa't isa ang pinsalang emosyonal dulot ng pang-aapi na ginagawa sa atin ng ating mga lipunan. Dahil dito, nahihirapan tayong pag-isipan at tumugon nang wasto sa krisis ng kapaligiran. Ang mga tao ay di papayag na makipagtulungan sa isang lipunang mapagsamantala at sumisira sa kapaligiran kung hindi sila nasaktan muna.

Hindi madaling gawin ang pagpapagaling sa mga pinsala na tumutulong upang manatili ang pang-aapi at humahantong sa nakakapinsalang pag-uugali. Marami sa atin ang lumalaban dito o kaya tayo ay nakakaligtas sa pamamagitan ng pagpapaubaya sa mga pinsalang dinadala natin at sa pag-aakalang hindi tayo magiging malaya sa mga ito.

Sa Tulungang Mabuhay ang Lahat (Sustaining All Life) at ang Nagkakaisa Upang Wakasan ang Kapootang Panlahi (United to End Racism), natutunan naming maaring pagalingin ang sarili natin sa mga pinsala. Gagaling tayo sa mga karanasang nakakapinsala kung may taong makikinig sa atin ng masinsinan, at pinapayagan at hinihikayat tayong ilabas ang kalungkutan, takot, at iba pang masakit na damdamin. Nangyayari ito batay sa ating likas na proseso ng pagpapagaling–pagsalita, pag-iyak, panginingin, pagpapahayag ng galit, at pagtawa. Sa paglabas ng mga damdaming pagkabalisa sa isang suportadong samahan o grupo, maari tayong tuluyang nagkakaisa, umaasa, maalalahanin, nagagalak, at nakatuon sa mga layunin. Papatibayan din nito ang pagbuo ng ating mga kilusan upang tigilan ang mga epekto ng pagbabago ng klima at ang kapootang panlahi. (Tingnan ang pang-anim na pahina.)

Ang mga tao ay di papayag na makipagtulungan sa isang lipunang mapagsamantala at sumisira sa kapaligiran kung hindi sila nasaktan muna.

Kung Papaano Nating Matutulungan ang Mga Sarili Natin upang Ituloy ang Pagiging Mga Aktibista at Mga Tagapagtatag ng Kilusan




BATANGAS, PHILIPPINES • ANA LIZA (AL) CABALLES

Marami ng mga importateng pagbabago ang nagawa dahil nagsama-sama, nagpahayag, at nagkaisa ang mga tao ukol sa mga panlahatang pangangailangan. Labis ang pagmamahal nating mga aktibista at mga tagapagtatag ng kilusan sa ating daigdig, sa lahat ng nabubuhay rito, at sa ating gawain at marami na tayong mga importanteng nakamit. Marami tayong maipagmamalaki. Ngunit madali nating nakakalimutan ang mga bagay na nagawa na natin dahil sa pang-araw-araw na pakikibaka.

Gumaganti sa lahat ng posibleng paraan ang mga puwersang mapang-aping linalaban natin. Direktang sinasalakay nila ang mga aktibista, ang mga tagapagtatag ng mga kilusan, at ang mga samahan mismo. Sila ay nagsisinungaling, at naglalagay sa mga dalubhasa para suportahan ang kanilang mga kasinungalingan, at tinatabunan nila ang midya ng kanilang mga kasinungalingan. Pinapanatili ng kanilang mga maraming pakinabang o kita ang kasalukuyang kalagayan, kasama rito ang mga mapagsamantalang patakaran at ang mga pang-industriyang gawaing patuloy na sumisara sa ating daigdig at sa lahat ng nabubuhay rito.


► **Labis ang pagmamahal nating mga aktibista at mga tagapagtatag ng kilusan sa ating daigdig, sa lahat ng nabubuhay rito, at sa ating gawain at marami na tayong mga bagay na nakamit dahil sa pagsasagawa natin. Marami tayong maipagmamalaki.** ◀

Marami sa atin ang nanghihina ng loob kung tayo ay hindi nagtatagumpay sa pagsagawa ng pagbabago, kaharap ang malakas na pagtutol sa ating pagsisikap. Maaring ang pakiramdan natin ay wala tayong magagawa, pagod na tayo, hindi tayo sapat na matalino, nag-iisa tayo, o nilalamun tayo ng mga kinakailangang gawin. Kung ganito ang pakiramdam natin, mahirap gumanyak para sa pagbabago.



Karaniwan, sa ating hangaring patuloy na magtrabaho para sa pagbabago, hindi natin binibigyan ng sapat na atensyon ang ating pakiramdam, ngunit kapag hindi natin sapat na pinag-tutuunan ng pansin ang ating pakiramdam, maaari mapabayaang natin ang ating kalusugan at kapakanan. Bukod dito, maaring hindi natin mapag-tutuunan ng atensyon ang ating sariling interes na kaakibat ang interes ng ibang tao. Maaring dahilan pa ito ng pagbatikos natin sa isa't isa, o magalit sa isa't isa, o siraan ang isa't isa. Ang resulta nito ay hindi tayo makapag-isip ng nararapat na kalutasan sa ating mga suliranin at ayaw na nating magpatuloy sa ating pagiging aktibista, pagiging tagapagtatag ng kilusan, o pagiging pinuno ng kilusan o samahan. Maaring mawalan tayo ng ganang gawin ang trabahong mahalaga sa atin.

Tayong lahat ay nahihirapang mabuhay sa isang mapang-aliping lipunan. Tayo ay binubusabos at saksi sa kapootang panlahi, pang-aapi batay sa uri o klase, pang-aapi batay sa kasarian, pang-aapi sa mga katutubo, at iba pang anyo ng pang-aalipin, at hindi nating maiwasang ipaloob ang mga mensaheng ito sa ating sarili. Dahil sa sariling pagsang-ayon sa mga mensaheng mapang-api, nagdududa tayo sa sarili natin, ang pakiramdam natin ay hindi tayo sapat, at nahihirapan tayo sa mga kaugnayan natin sa isa't isa. Pinaghihiwa-hiwalay ang mga samahan at kalipunan natin dahil sa sariling pagsang-ayon sa mga mensaheng pang-aapi, at maaring tayo-tayo ang naglalabanan para sa kapangyarihan, pamamahala, pagkakilala, at para sa mga pagkukunan ng kinakailangan. Humahadlang ito sa pag-unawa at pagkilos batay sa pareparehong layunin para sa isang kinabukasang makatarungan at masigla.



HERMIT CRAB, SA YIGO, GUAHAN • TRESSA DIAZ




SANTA RITA, GUAHAN • ANA LIZA (AL) CABALLES

Upang harapin ang mga paghamon ng pagbabago sa klima taon-taon, kailangan natin ng isang malakas na sistemang pansuporta. Kailangan nating bumuo ng mga pagkakaugnay na kung saan maaari nating bigyan ng pansin ang mga paghihirap habang lumalabas sila, magtagumpay laban sa mga ito, at magpatuloy sa pagsulong. Kailangan nating pagalingin ang pinsalang ginawa sa bawat isa sa atin dulot ng pang-aapi, pagputol ng ugnayan, at pagtakot. Kung magagawa at gagawin natin ang mga bagay na ito, maaari nating suportahan ang ating sarili para sa mahabang pagtatrabaho, lumago, umunlad, at patuloy na nag-iisip habang nagsasagawa. Tinuturuan ng Tulungang Mabuhay ang Lahat (Sustaining All Life) at Ang Nagkakaisa Upang Wakasan ang Kapootang Panlahi (United to End Racism) ang mga tao upang bumuo ng mga ugnayang pansuporta.



Kailangan nating pagalingin ang pinsalang ginawa sa bawat isa sa atin dulot ng pang-aapi, pagputol ng ugnayan, at pagtakot. Kung magagawa at gagawin natin ang mga bagay na ito, maaari nating suportahan ang ating sarili para sa mahabang pagtatrabaho, lumago, umunlad, at patuloy na nag-iisip habang nagsasagawa.


Pakikinigang Magkapwa (Re-evaluation Counseling)




Ang Tulungang Mabuhay ang Lahat (Sustaining All Life) at Ang Nagkakaisa Upang Wakasan ang Kapootang Panlahi (United to End Racism) ay ang mga proyekto ng Pakikinigang Magkapwa (**Re-evaluation Counseling**). Ginagamit nila ang mga paraan ng Re-evaluation Counseling (Pakikinigang Magkapwa), isang proseso kung saan ang mga taong anuman ang edad at mga pinagmulan ay maaaring matuto kung paano makipagpalitan ng mabisang tulong sa isa't isa upang mapalaya ang kanilang sarili mula sa mga epekto ng mga nakaraang masakit na karanasan. Ipinagpapalagay ng teorya na ang lahat ay ipinanganak na may matinding potensyal na katalinuhan, likas na sigasig para sa buhay, at pagmamalasakit, ngunit ang mga katangiang ito ay nahaharang at natatakpan bilang resulta ng naipon na mga pagkabalasang karanasan, na nagsisimula ng maaga sa ating buhay.


Sinumang kabataan ay kusang-loob na gagaling mula sa naturang pagkabalisa sa pamamagitan ng paggamit ng mga likas na prosesong paglabas ng damdamin (pag-iyak, panginginig, pagkagalit ng labis, pagtawa, at iba pa). Ang prosesong ito ay kadalasan na napipigilan dahil sa mabuting pakay ng mga taong may maling pag-aakalang ang paglabas ng damdamin (ang paghihilom ng pinsala) ay ang pinsala mismo.

Kapag nagaganap ang sapat na paglabas ng damdamin, ang tao ay napapalaya mula sa pag-uugali at pakiramdam na natira mula sa pinsalang nangyari. Kung nagaganap ito, maaaring gumana nang mas epektibo ang likas sa katauhan ng taong mapagmahal, matulungin, matalino, at masigasig, upang bantayan ang kanilang sariling mga interes at ang mga interes ng iba, at sila'y mas may kakayahang kumilos ng matagumpay laban sa kawalan ng katarungan.



Mga Paraan ng Pakikinigang Magkapwa (Re-evaluation Counseling)






Mga Balitang Bago at Mabuti

Magbabahagi ang bawat isa sa pagtitipon ng anumang mabuti sa kasalukuyan—sa buhay nila, sa mga proyektong ginagawa nila, at iba pa. Tumutulong ang pagbabahagi ng mga balitang bago at mabuti sa umpisa ng isang pagtitipon upang ilayo ang atensyon ng mga tao sa pagkabahala, pagkabigo, at kung anumang ligalig na humahadlang sa kanilang kakayahang mapag-isipan ang paksang tatalakayin at maging konektado sa bawat isa sa grupo.


Mga Pagpapahalaga

Halinhinan ang bawat isang pahahalagahan ang isang tao sa isang paikutan sa grupo. Walang maiiwanan. Ang pagpapahalaga ay tumutulong upang maunawaan ng tao na alam ng iba na mayroon silang positibong maitutulong sa gawain ng grupo. Nakakatulong ito sa kaugnayan. Ang pagpapahalaga ay tumutulong upang hikayatin ang mga taong makisaling mas mabuti sa mga pag-uusapan. Gumagana ng mas maayos ang sama-samang pagtrabaho kung nadarama ng mga tao na kasama sila, at ang mga pagpapahalaga ay ang isang paraan upang tiyakin ito.

Mas madaling gumawa ng pagbabago, bumuo ng mga bagong diwa, at iwasto ang mga pagkakamali kung ang mga tao ay nalulugod sa kanilang sarili at alam nilang sila'y ikinalulugod ng iba. Tumutulong ang pagpapahalaga sa sarili at ang pagpapahalaga sa isa't isa upang magkaroon ng isang kalagayang kabilang ang lahat.




Hanay ng mga magsasalita



Sa ganitong batayan, unang magsasalita ang mga bahagi ng katipunang inaapi, bago magsalita ang mga bahagi ng uring gumaganap ng paniniil. Itinitigil nito ang karaniwang pangingibabaw na nangyayari sa ating lipunan. Ito ay maaaring magbigay ng makabuluhang paguusap sa mga taong bahagi sa katipunang inaapi at ang taong binibigyan ng lipunan ng tungkuling maniil.

Mga sesyon


Nagpapalitang nakikinig sa isa't-isa na walang nangangambala ang dalawang tao (o kung minsan tatlo). (Ang mga sesyon ay pwedeng maikli, kagaya ng mga ilang minuto lang kada tao o pwedeng mahaba, depende sa napagkasuduan ng mga



kasali.) Parepareho ang tagal ng sesyon ng mga kasali. Mauunang magsasalita ang isang tao tungkol sa anumang gusto nilang pag-usapan. Makikinig lang ng masinsinan ang kasama. Hindi niya gagambalain ang nagsasalita, at hindi siya magbibigay ng payo, o magkokomentaryo o magsasabi ng kanyang sariling pakiramdam. Hihikayatin o susuportahan ng tagapakinig ang anumang pagpapahayag ng damdamin. (Maaring magbigay tiwalang-muli ang tagapakinig sa nagsasalita, na ang paglabas ng damdamin ay kasama sa likas na proseso ng paghilom.) Pagkatapos ng pinagkasunduang takdang-oras, ang naunang nagsalita naman ang makikinig, at ang dating nakinig naman ang magsasalita tungkol sa anumang gusto niyang pag-usapan. Hindi magsasabi kaninuman ang mga tagapakinig tungkol sa anumang napagusapan sa sesyon.

Tinatanggal ng sesyon ang pagkabahala na humahadlang sa pag-iisip at pamamahala ng mga tao. Linalabas nila ang mga damdaming humahadlang sa kakayahan ng mga taong sama-samang magtrabaho at talakayin ng magalang ang mga bagay na maaring pagtalunan. Binibigyan ng sesyon ang mga tao ng pagkakataong pag-isipan, suriin, at pag-aralan ng madali ang mga bagong impormasyon, at tuklasin at balangkasin ang kanilang kaisipan tungkol dito.

Ang pagsasagawa ng palagiang sesyon ay nagbibigay sa mga tao ng mabisang paraan upang makapag-isip ng maayos at mapanlikha. Ibinabalik nito ang ating sariling mabuting damdamin at ang mabuting damdamin natin para sa ibang tao. Mas lalo tayong may kakayahang makipagtulungan at makipagugnayan sa iba habang magalang at maamo.




Isipin-at-pakinggan

Liwas-liwas na magsasalita ang mga tatlo o hangga't anim na katao na walang sagot o komentaryo mula kaninuman sa grupo. Ang lahat ay inaasahang makikinig ng maagap at punong-puno ng interes. Hindi magpapakita o magpaparamdam ng kanilang pagsang-ayon o di pagsang-ayon sa taong nagsasalita ang mga taong nakikinig. Gagawin ito upang hayaan ang mga taong makapag-isip sa paraang mapaglikhain na hindi nag-aalala sa mga pamumuna o pagtatalo.

Gabay na Grupo



Tatlo hanggang walong tao ang liwas-liwas na makikinig sa nagsasalita at gaganyakin ang bawat isa na magsalita ng tapat. Ang lahat ay hinihikayat na ilabas ang anumang damdaming pagkabalisa na aapaw. Ang mga kasali sa grupong tinitipon ay maaring batay sa isang pamantayan (halimbawa, mga taong may lipi mula sa Aprika, mga kababaihan, mga kabataan) o kalipunan batay sa mga isyu (katulad ng pagbabago ng klima o ang pagbabago ng pag-aaral, at iba pa). Ang gabay na grupo ay maaari ding binubuo ng iba't ibang saklaw ng sangkatauhan.



Binigbigyan ng pagtitiwala ang mga gabay na grupo sa mga taong kasali sa grupo batay sa isang pamantayan upang pagusapan ang kanilang karanasan sa pang-aapi at ang kanilang sariling pagsang-ayon sa mga mensaheng pang-aapi.

Talakayan

(1) May isang taga-pamahala. (2) Tinatalakay ng bawat isa ang paksa sa halip na talakayin ang pagkatao o katangian ng mga taong kasapi sa pagtalakay. (3) Walang sinumang magsasalita ng dalawang beses hanggat lahat ay nakapagsalita ng isang beses (gaano man ang haba ng pasensya o paghihikayat upang makasama ang mga taong hindi madaling makisali). (4) Walang sinumang magsasalita ng apat na beses bago makapagsalita ang lahat ng dalawang beses. Ang lahat ay papakinggan-lalo na ang mga taong hindi malamang na magsalita. Kung iniintindi ang oras o may ilang mga taong nangingibabaw, maaaring bigyan ng takdang-oras ang tagal ng pagsasalita.



Mga Panig

Magpapahayag ang mga tao mula sa isang grupong inaapi tungkol sa katotohanan ng kanilang mga karanasan, sa mga taong nakakondisyong tumanggap ng tungkuling maniil. Sa isang panig, sa harap ng isang pagtitipon, sila ang magbabahagi ng mga detalye tungkol sa kanilang mga buhay. Isang grupo ng mga kapaki-pakinabang na mga tanong ay (1) Ano ang napakabuting mga bagay tungkol sa pagiging kasapi sa pangkat kung saan ka bahagi? (2) Ano ang naging mahirap tungkol sa pagiging kasapi sa pangkat na kung saan ka bahagi? (3) Ano sana ang gusto mong maunawaan ng mga tao tungkol sa iyong buhay bilang kasapi sa pangkat na ito? (4) Ano sana ang gusto mong maunawaan ng mga tao na kahit kelan ay hindi na gagawin o sasabihing muli sa iyo o sa kahit sinong kasapi ng iyong pangkat?

Tapusin ang panig sa pamamagitan ng isang maikling sesyon para sa lahat kung saan magpapareha ang lahat. Bigyan ng pagkakataon ang mga taong kasama sa mga grupong inaapi na magkapareha, upang hindi sila mapipilitang makinig sa mga karanasan ng mga taong binigbigyan ng lipunan ng tungkuling maniil.



KALACHUCHI, SA MANGILAO, GUAHAN • CECILIA LIM

Ang Layunin para sa Pag-aalaga sa Kapaligiran Pinagtibay sa Sandaigdigang Pagpupulong 2017 ng Samahan ng Pakikinigang Magkapwa (Re-evaluation Counseling)


Na ang mga kasapi ng Samahan ng Pakikinigang Magkapwa (RC Community) ay maging marunong sa tiyak na katibayan tungkol sa patuloy na lumulubhang pagkasira ng kapaligiran at ang lahat ng nabubuhay rito, lalo na ang pagbabago ng klima na bunga ng patuloy na pagtaas ng temperatura galing sa gawain ng mga tao.

Na harapin at ilabas natin ang anumang damdaming pagkabalisa na humahadlang sa paghahanap natin ng mga angkop at napapanatiling kalutasan, kasama ang pagwakas sa mapang-api at mapagsamantalang katangian ng ating mga lipunan. Na magpasya, ilabas, at kumilos tayo laban sa mga damdaming pagkabalisa na pumipigil sa atin upang malaman natin ang mga pangunahing pagkilos, malakas at lubusan kung kinakailangan, upang itigil ang pagkasira ng kapaligiran, at pumipigil sa ating pagtatag ng mga kilusan at pumipigil sa ating pagsulong upang tanggapin ng mga pamahalaan at ng mga industriya ang mga napag-isipang pangunahing hakbang.


Na kikilos tayong kasama ang lahat–lalo na ang mga taong-bayang inaapi na kasalukuyang dumaranas sa karamihan sa pinsala dulot ng pagbabago ng klima.



OLO-OLO, LOBO, BATANGAS, PHILIPPINES • NIK LEUNG



KORAL, SA SANTA RITA, GUAHAN • CECILIA LIM



Sustaining All Life



Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa:
www.sustainingalllife.org o www.unitedtoendracism.org

o sumulat sa: Sustaining All Life/United to End Racism

719 Second Ave North, Seattle, WA 98109, USA

Email: ircc@rc.org **Telepono:** +1-206-284-0311